**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 3**
**ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS**

# Implementation of asynchronous teaching and learning challenges among Grade 9 students

**Anna Liza A. Adier**
University of Perpetual Help System-Dalta
Las Piňas City, Philippines
Email: anna.adier@deped.gov.ph

ABSTRACT

The purpose of this study was to examine the implementation of asynchronous teaching and the learning challenges of Grade 9 students. The research employed a quantitative approach, using descriptive and correlational designs to analyze data from 266 students and 20 teachers in a public secondary school in the City of Navotas. Participants were selected through purposive sampling to ensure the relevance of their experiences with asynchronous learning. Findings revealed that demographic profiles—including age, gender, position, educational attainment, and home language—had no significant effect on the level of implementation of asynchronous teaching. Its implementation was found to be highly effective, as evidenced by the respondents' high levels of knowledge, skills, and positive attitudes, although improvements were needed in vocabulary and technological proficiency. The study also identified a "considerable" level of challenges, particularly in the areas of technical issues, time management, motivation, lesson comprehension, and parental support. No significant differences were found in the extent of challenges across demographic profiles, suggesting that these difficulties were universally experienced. Moreover, results indicated a low positive correlation between the level of asynchronous teaching implementation and the extent of challenges, implying that as the level of implementation increased, the challenges also slightly increased. In response, the study proposed programs aimed at enhancing technical support, teacher training, and the development of materials for more effective asynchronous teaching. Further research was also recommended on the use of multimedia tools, the long-term effects of asynchronous learning, and the more active involvement of parents.

Keywords: asynchronous teaching, learning challenges, Grade 9, teacher training, educational technology

Date Submitted: June 23, 2025
Date Accepted: July 28, 2025
Date Published: August 12, 2025

---

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403408

Recommended citation:
Adier, A. L. A. (2025). Implementation of asynchronous teaching and learning challenges among Grade 9 students. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 4 (3), 4388-4398. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403408

# Pagpapatupad ng asynchronous na paguturo at mga hamon sa pagkatuto sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang

**Anna Liza A. Adier**
University of Perpetual Help System-Dalta
Las Piňas City, Philippines
Email: anna.adier@deped.gov.ph

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at ang mga hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Gumamit ang pananaliksik ng kwantitatibong lapit, na sinamahan ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo upang masuri ang mga datos mula sa 266 na mag-aaral at 20 na guro mula sa isang pampublikong sekondaryang paaralan sa Lungsod ng Navotas. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang purposive sampling upang masiguro ang kaugnayan ng kanilang karanasan sa asynchronous na pagkatuto. Ipinakita ng mga resulta na ang demograpikong propayl, kabilang ang edad, kasarian, posisyon, antas ng edukasyon, at wika sa tahanan, ay walang makabuluhang epekto sa antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo. Ang implementasyon nito ay lubos na epektibo batay sa mataas na antas ng kaalaman, kasanayan, at positibong pag-uugali ng mga respondente, bagama't kailangan ng pagpapabuti sa bokabularyo at kasanayan sa teknolohiya. Natukoy rin ang "malawak" na antas ng mga hamon, partikular sa teknikal na aspeto, pamamahala ng oras, motibasyon, pang-unawa sa aralin, at suporta ng magulang. Walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng mga hamon batay sa demograpikong propayl, na nagpapahiwatig ng unibersal na nararanasang suliranin. Natuklasan din ang mababang positibong kaugnayan sa pagitan ng antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at lawak ng mga hamon, kung saan habang tumataas ang antas ng implementasyon, bahagyang tumataas din ang mga hamon. Bilang tugon, iminungkahi ang mga programa para sa pagpapabuti ng teknikal na suporta, pagsasanay ng guro, at pagbuo ng mga materyales para sa mas mahusay na asynchronous na pagtuturo. Inirerekomenda rin ang karagdagang pananaliksik sa paggamit ng multimedia tools, epekto ng asynchronous na pagkatuto sa mas mahabang panahon, at mas aktibong pakikilahok ng mga magulang.

Mga susing salita: asynchronous na pagtuturo, hamon sa pagkatuto, Ikasiyam na Baitang, pagsasanay ng guro, teknolohiyang pang-edukasyon

## PANIMULA

Ang pandaigdigang pandemya na naranasan noong taong 2020 ay nagbago sa paraan ng pamumuhay ng mga tao at apektadong larangan tulad ng gobyerno, transportasyon, kalusugan, at maging sa edukasyon. Ito ang nagbigay dahilan upang magpasya ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na ilipat ang face-to-face na klase sa iba't-ibang paraan ng pagpapatuloy ng ligtas na

pag-aral alinsunod sa patnubay ng Inter-Agency Task Force for Management of Emerging Infectious Diseases (IATF). Ipinagtibay ng DepEd Order No. 012, s. 2020 ang mga hakbang at maaring maging solusyon upang maipagpatuloy ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral sa kabila ng suliranin na kinakaharap dulot ng COVID-19. Ang distance learning ang naging posibleng solusyon sa pandemya, ayon kay Llego (2020), ito ay isang paraan ng pag-aaral kung saan ang guro at mga mag-aaral ay malayo sa isa't isa. Upang maisagawa ang maayos na implementasyon nito, ang distance learning ay nahati sa dalawang paraan ng pagtuturo at pagkatuto; ang synchronous at asynchronous.

Ayon sa DepEd Order No. 32, s. 2020, sa gitna ng krisis sa kalusugan na dulot ng pandemya noong COVID-19, nananatiling nakatuon ang Department of Education (DepEd) na tiyakin ang tuloy-tuloy na pagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa mga mag-aaral at komunidad, alinsunod sa mandato ng Konstitusyon ng Estado na magtaguyod ng isang kumpleto, sapat, at pinagsamang sistema ng edukasyon na tumutugon sa pangangailangan ng mga tao at lipunan. Ito ang naging batayan upang maisakatuparan pa din ang iba't ibang modality sa pagkatuto hanggang ngayon kapag may kalamidad o ibang dahilan ng kanselasyon ng klase. Sa katibayan ng memoranda na ito, ipinatupad ang iba't ibang paraan ng pagkatuto gaya ng blended learning, distance learning, at homeschooling upang matiyak na magpapatuloy ang pag-aaral ng mga mag-aaral nang hindi isinasakripisyo ang kalusugan at kaligtasan. Ang mga modal na ito ay nahahati sa dalawang uri. Isa dito ang asynchronous na pagtuturo at pagkatuto na pokus ng pag-aaral na ito. Ito ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral na tapusin at kumpletuhin ang mga gawain mula sa mga materyales na ibinahagi ng kanilang guro sa kanilang sariling takdang oras at pagsisikap. Ito ay walang aktwal na oras na pakikipag-ugnayan sa mga guro o mga kaklase.

Ang asynchronous na pagtuturo at pagkatuto ay hindi lamang natapos noong panahon ng pandemya. Ito ay patuloy na ipinatutupad sa kasalukuyan batay sa pangangailangan ng paaralan at mga mag-aaral. Noong ika-15 at ika-16 ng Abril, Lunes at Martes, taong kasalukuyan, matatandaan na inatasan ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga pampublikong paaralan na mapatupad muli ng asynchronous na pag-aaral. Ito ay upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makumpleto ang kanilang nakabinbin na mga gawin, lalo at papalapit ang pagtatapos ng taong pampaaralan 2023-2024 (Layson, 2024). Sa kaparehong buwan, ika-29 at ika-30 ng Abril, muling naipatupad ang asynchronous na pagtuturo at pagkatuto, ito naman ay nakabatay sa inilabas na pagtataya ng heat index at anunsyo sa isasagawang pangmalawakang transport strike. Sa kasalukuyan, ang pagpapatupad ng asynchronous na pag-aaral ay permanente ng modality ng pagtuturo. Sinabi ni Chi (2023) sa kanyang artikulo na ito ay upang matugunan ang suliranin na kinahaharap sa kakulangan sa silid-aralan at mga guro sa mga pampublikong paaralan. Kaya naman, ilan pa din sa mga institusyon ngayon ay pinili ang pagpapatupad ng asynchronous na paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga paaralan.

Ayon sa DepEd Order No. 37, s.2022, pinahihintulutan ang mga paaralan na magsagawa ng asynchronous na pag-aaral tuwing may pagkansela ng klase upang masiguro na magpapatuloy pa rin ang pagkatuto ng mga mag-aaral kahit na hindi sila makadalo sa pisikal na paaralan. Ang asynchronous na pagtuturo at pagkatuto ay naging mahalagang bahagi ng sistema ng edukasyon sa ating bansa, lalo na sa mga sitwasyong dulot ng kalamidad at pagkansela ng klase. Habang maraming pribadong paaralan ang matagal nang nagsasagawa ng ganitong mode, ang pandemya ng COVID-19 ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng flexibility sa pagtuturo, na nag-udyok sa

Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na magpatupad ng mga hakbang tulad ng "Academic Ease" upang matugunan ang mga hamon sa edukasyon sa gitna ng krisis. Isa sa mga paaralan sa Dibisyon ng Navotas ang patuloy pa ding nagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at pagkatuto. Ang Navotas National High School ay nagsasagawa pa din ng asynchronous na klase sa ika-8 at ika-9 na baitang. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa ika-siyam na baitang lamang. Ito ay nahahati sa dalawang cluster. Ang cluster A ay nakatakdang magsagawa ng kanilang face-to-face na klase tuwing araw ng Lunes at Martes. Ang cluster B naman ay nakatakda tuwing araw ng Miyerkules at Huwebes. Tuwing araw ng Biyernes ay salitan ang dalawang cluster sa pagpasok sa kanilang face-to-face na klase. Ang lahat ng araw na di nabanggit sa bawat cluster ay ang kanilang distance learning o asynchronous na pagtuturo at pagkatuto. Isa ito sa mga hakbang na ginawa ng paaralan upang mabigyang solusyon ang hamon ng kakulangan sa silid-aralan. Mayroon lamang dalawampu't walong (28) silid na ginagamit para sa face-to-face na klase, anim na kwarto ay nakatalaga para sa media room, library, computer laboratory at science laboratory. Sa kasalukuyan ay ginagawa na ang bagong gusali at pasilidad na sinimulan noong taong 2022.

Sa kabila nang maayos na pagpapatupad ng distance learning, hindi maiiwasan na ang mga paaralan, mga guro, mga mag-aaral pati na rin ang mga magulang ay makaranas ng mga hamon sa pagkatuto ng mga estudyante lalo na sa asynchronous na pagkatuto. Dahil walang pisikal na interaksyon sa kanilang mga guro, ang mag-aaral ay magkakaroon ng malayang pag-aaral na nakadepende sa kanyang kasanayan at kaalaman sa asignatura. Ayon sa ulat ni Malipot at San Juan (2020), ilan sa mga naging hamon ng isang asynchronous na pagkatuto ay ang mga sumusunod, una, hindi lahat ng mga estudyante ay may teknolohikal na kagamitan tulad ng smartphone, laptop, tablet, o matibay na internet connection para makakuha ng impormasyon upang makatulong sa pagsagot sa kanilang mga leksyon sa modyul. Pangalawa, ang kakayanan ng mga mag-aaral sa pag-intindi ng mga leksyon, ang asynchronous na pagkatuto ay nagbigay daan sa mas independiyenteng pagtugon sa mga takdang aralin at aktibidad. Ito ay hindi naging madali sa ilang estudyante, lalo na ang mga mag-aaral na kumakaharap ng hamon sa pag-aaral. Pangatlo, naging isyu ang pansamantalang epektibo ng asynchronous na pagkatuto. Maraming magulang ang naghatid ng kanilang hinaing na hindi kayang palitan ng asynchronous na pagkatuto ang kakayahan at epektibidad ng tradisyonal na pag-aaral sa loob ng silid-aralan. Ayon kay De Leon (2024), hindi madaling ipatupad ang asynchronous. Marami ang nagsasabi na ito ay hindi epektibo upang matuto ang mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan, ang panahon ay pabago-bago, ang sitwasyon ay nag-iiba. Ang implementasyon ng asynchronous na pagtuturo at pagkatuto ay bukas pa din sa lahat ng paaralan upang mabigyang solusyon ang mga posibilidad na pagbabago sa kalagayan at iba pang hamon sa edukasyon. Batay sa Kauutusang Pangkagawaran ng Edukasyon Blg. 37, s.2022, sa kaso ng pagkaantala o pagkansela ng klase, ang mga paaralan ay maaaring magpatupad ng asynchronous na klase, upang tiyakin na natutugunan pa rin ng mga mag-aaral ang mga kumpetensya at layunin. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral na ito upang mapalawak ang pagtatalakay patungkol sa asynchronous na klase. Ang pagsusuri na ito ay may layunin na suriin ang pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at alamin ang mga hamon sa pagkatuto sa mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Sa pamamagitan nito, maaaring makapagbigay ng komprehensibong suwestiyon ng pagpapaunlad at mas maayos na pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at pagkatuto.

ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at mga hamon sa pagkatuto sa mga mag-aaral. Bilang bahagi ng pag-aaral ninanais ng mananaliksik na masagot ang mga sumusunod:

1. Ano ang demograpikong propayl ng dalawang grupo ng respondente batay sa edad, kasarian, posisyon, at pinakamataas na pinag-aralan ng mga guro, at edad, kasarian, at dayalek ng mga mag-aaral?
2. Ano ang antas ng pagpapatupad ng Asynchronous na Pagtuturo ayon sa pagtatasa ng mga respondente batay sa kaalaman, kasanayan, at pag-uugali?
3. Gaano kalawak ang mga hamon ng Asynchronous na Pagkatuto batay sa teknikal na hamon, pamamahala ng oras, motibasyon at konsentrasyon, pang-unawa ng mga aralin, at suporta ng magulang o tagapagalaga?
4. May makabuluhang pagkakaiba ba ang demograpikong propayl ng mga respondente sa antas ng pagpapatupad ng Asynchronous na Pagtuturo?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba ang lawak ng mga hamon ng Asynchronous na Pagkatuto batay sa demograpikong propayl ng mga respondente?
6. May makabuluhang kaugnayan ba sa pagitan ng antas ng pagpapatupad ng Asynchronous na Pagtuturo at lawak ng mga hamon sa pagkatuto?
7. Batay sa resulta ng pag-aaral, anong awtput ang maaaring gawin upang magamit sa matagumpay na pagpapatupad ng Asynchronous na Pagtuturo at Pagkatuto?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo sapagkat ang mga datos mula sa mga kalahok ay sinuri sa pamamagitan ng numerikal at istatistikal na pamamaraan. Angkop ang palarawang pamamaraan o descriptive method sa pagsusuri ng datos dahil ayon kina De Guzman at Abagon (2021), ito ay ginagamit kung ang resulta ay ihahayag sa bahagdan at inilalarawan ang datos kung sino, ano, kailan, at paano na may kaugnayan sa paksa. Ang pamamaraang ito ay napili dahil layunin ng pag-aaral na ilarawan at suriin ang kondisyon at pananaw ng mga kalahok hinggil sa pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at sa mga hamon ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Kalakip nito, gumamit din ang mananaliksik ng correlational design sapagkat, ayon kay Bhandari (2023), ito ay angkop upang masuri ang relasyon o asosasyon ng dalawang baryabol. Sa pananaliksik na ito, sinuri kung may makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at ang lawak ng mga hamon sa pagkatuto na nararanasan ng mga mag-aaral.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng dalawáng daán at animnapu’t anim (266) na mag-aaral mula sa ika-siyam na baitang sa isang pampublikong sekondaryang paaralan sa Lungsod ng Navotas, sa ilalim ng Tanggapan ng mga Paaralan sa Dibisyon ng Navotas. Ang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral ay hindi binanggit alinsunod sa Data Privacy Act upang mapangalagaan ang kanilang karapatan sa pribadong impormasyon. Bukod sa mga mag-aaral, dalawampung (20) guro sa asignaturang Filipino ang lumahok bilang mga respondente. Ang

pagpili ng mga kalahok ay isinagawa sa pamamagitan ng purposive sampling upang matiyak na ang kanilang karanasan ay may kaugnayan sa paksa ng asynchronous na pagtuturo at pagkatuto.

Upang makalap ang kinakailangang datos, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan na binuo batay sa masusing pagsusuri ng mga kaugnay na babasahin at pananaliksik. Ang nasabing instrumento ay may dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay nakatuon sa demograpikong propayl ng mga guro batay sa edad, kasarian, posisyon, at pinakamataas na antas ng edukasyon na nakamit, at ng mga mag-aaral batay sa edad, kasarian, at dayalek na ginagamit sa tahanan. Ang ikalawang bahagi naman ay sumasaklaw sa mga katanungan hinggil sa pangunahing suliranin ng pag-aaral. Kabilang dito ang antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo ayon sa pagtatasa ng mga respondente sa dimensyon ng kaalaman, kasanayan, at pag-uugali, gayundin ang lawak ng mga hamon ng asynchronous na pagkatuto batay sa teknikal na hamon, pamamahala ng oras, motibasyon at konsentrasyon, pang-unawa sa mga aralin, at suportang natatanggap mula sa mga magulang o tagapagalaga.

Ang lahat ng nakalap na datos ay itinala, inilagay sa talahanayan, at sumailalim sa masusing pagsusuri at interpretasyon. Gumamit ang mananaliksik ng simple percentage, weighted mean, at Pearson’s correlation upang matukoy ang antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Sa paggamit ng weighted mean, natukoy ang karaniwang tugon ng mga kalahok mula sa iba’t ibang baryabol, at isinailalim ito sa ranggong interpretasyon batay sa itinakdang scale points at kaukulang adjectival interpretation. Sa pamamagitan ng mga estadistikal na kasangkapang ito, nakapaghain ang pag-aaral ng malinaw at sistematikong pagsusuri hinggil sa epektibong pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at sa mga hamon na kaakibat nito sa pagkatuto.

## MGA RESULTA AT PAGTALAKAY

Batay sa 266 na mag-aaral sa ikasiyam na baitang at 20 guro sa asignaturang Filipino mula sa isang pampublikong sekondaryang paaralan sa Lungsod ng Navotas, natipon at nasuri ang mga datos gamit ang talatanungan na inihanda ng mananaliksik. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling upang matiyak na ang kanilang karanasan ay may kaugnayan sa paksa ng asynchronous na pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng statistical tools gaya ng simple percentage, weighted mean, at Pearson’s correlation, nailahad ang mga resulta tungkol sa demograpikong propayl ng mga respondente, antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo, lawak ng mga hamon sa asynchronous na pagkatuto, at ang mga ugnayan at pagkakaiba batay sa iba’t ibang baryabol.

Sa demograpikong propayl ng mga guro, natuklasan na karamihan ay nasa edad 41 hanggang 50, na naglalarawan ng mid-career demographic na may sapat na karanasan sa pagtuturo. Karamihan ay kababaihan, na sumasalamin sa tradisyunal na dominasyon ng kasarian sa propesyon ng pagtuturo. Sa posisyon, mas nakararami ang nasa antas ng Teacher III, habang kakaunti lamang ang nasa mas mataas na posisyon tulad ng Master Teacher I. Tungkol naman sa pinakamataas na pag-aaral na nakamit, karamihan ay may Bachelor’s degree na may karagdagang yunit para sa MA o MS, na nagpapakita ng pagpapatuloy ng propesyonal na pag-unlad ngunit limitado pa sa advanced na antas ng edukasyon. Samantala, ang mga mag-aaral ay pangunahing nasa edad 15 hanggang 16 na naaayon sa karaniwang gulang ng mga nasa ikasiyam

na baitang. Mas mataas ang porsyento ng mga babae kumpara sa lalaki, at malaking bahagi ay gumagamit ng Tagalog bilang pangunahing dayalek, habang kakaunti ang nagsasalita ng Cebuano, Ilocano, at iba pang wika.

Tungkol sa antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo, lumitaw na ang composite mean para sa kaalaman ay 3.35 na nagpapakita ng lubos na implementasyon. Malinaw na nakapagpapalawak ito ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga tiyak na paksa at nakatutulong sa pagtamo ng learning competencies, bagama't lumitaw ang pangangailangan ng pagpapabuti sa larangan ng bokabularyo. Sa dimensyon ng kasanayan, nakuha ang composite mean na 3.31 na nagpapakita na epektibong napapaunlad ang kakayahan sa komunikasyon, pagsusuri, at interpretasyon, subalit mas mababa ang naipapakitang kasanayan ng mga mag-aaral kumpara sa mga guro. Sa aspeto naman ng pag-uugali, ang composite mean ay 3.34 na nagpapakita na ang asynchronous na pagtuturo ay nakapagtuturo ng positibong disposisyon tulad ng responsibilidad, motibasyon, at mahusay na pamamahala ng oras na mahalaga sa matagumpay na pagkatuto sa self-paced na sistema.

Pagdating sa lawak ng mga hamon, lumitaw na lahat ng dimensyon ay nasa "Malawak" na antas. Sa teknikal na aspeto, nakuha ang composite mean na 2.75 na nagpapakita ng hamon gaya ng kawalan ng internet, kakulangan ng gadgets, at limitadong kaalaman sa teknolohiya na nakakaapekto sa parehong guro at mag-aaral. Sa pamamahala ng oras, nakamit ang composite mean na 2.74 na nagpapakita ng hamon sa pagbibigay ng sapat na oras sa mga gawain, balanseng paggamit ng oras, at kakulangan ng pahinga. Sa motibasyon at konsentrasyon, nakuha ang composite mean na 2.77 na sumasalamin sa mga problemang dulot ng stress, distractions, at burnout. Sa pang-unawa ng mga aralin, lumabas ang composite mean na 2.72 na nagpapakita ng kahirapan sa kakulangan ng direktang gabay, limitadong interaksyon, at kakulangan ng mga instructional materials. Sa suporta ng magulang o tagapagalaga, lumitaw ang composite mean na 2.80 na nagpapakita ng hamon dulot ng kakulangan ng teknikal na kaalaman, limitadong pakikipag-ugnayan sa guro, at mababang partisipasyon ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang anak.

Sa pagsusuri ng pagkakaiba batay sa demograpikong propayl, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo kung pagbabatayan ang edad, kasarian, posisyon, at antas ng edukasyon ng mga guro, gayundin ang edad, kasarian, at wika sa tahanan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, natuklasan ding walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng mga hamon batay sa parehong baryabol. Bagama't lumitaw ang bahagyang epekto ng antas ng edukasyon ng guro sa lawak ng mga hamon, ito ay hindi itinuturing na ganap na makabuluhan.

Sa pagsusuri ng kaugnayan, lumitaw na may mababang positibong ugnayan sa hanay ng mga guro na nagpapahiwatig na habang tumataas ang antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo, bahagyang tumataas din ang lawak ng mga hamon na nararanasan. Para naman sa mga mag-aaral, natukoy ang napakababang positibong kaugnayan na nangangahulugang bagama't may kaunting epekto ang antas ng asynchronous na pagtuturo sa mga hamon, hindi ito sapat upang sabihing may matibay na ugnayan.

Sa kabuuan, ipinakita ng mga resulta na ang asynchronous na pagtuturo ay lubos na naipapatupad sa asignaturang Filipino at nakapagdudulot ng mataas na antas ng kaalaman, kasanayan, at positibong pag-uugali sa mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatiling malawak ang

antas ng hamon lalo na sa teknikal na aspeto, pamamahala ng oras, at suporta mula sa mga magulang. Bagama't walang makabuluhang pagkakaiba batay sa mga demograpikong baryabol, ipinapakita ng bahagyang positibong ugnayan na ang mas mataas na implementasyon ay may kasabay na karagdagang hamon, na dapat bigyang-pansin sa pagbuo ng mga programang pangsuporta, pagsasanay, at materyales para sa mas epektibong pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at pagkatuto.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maaaring ipagpalagay na ang demograpikong propayl ng parehong mga guro at mag-aaral—kabilang ang edad, kasarian, posisyon, antas ng edukasyon, at wikang ginagamit sa tahanan—ay walang makabuluhang epekto sa antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo. Ipinapahiwatig nito na ang tagumpay ng ganitong modalidad ng pagtuturo ay higit na nakasalalay sa disenyo ng aralin at sa mga estratehiyang ginagamit, sa halip na sa personal na katangian ng mga kalahok. Napatunayan din na ang asynchronous na pagtuturo ay lubos na naipapatupad, gaya ng ipinakita ng mataas na antas ng kaalaman, kasanayan, at positibong pag-uugali ng mga respondente, bagama't kinakailangan pa ring paigtingin ang mga aspekto ng pagpapalawak ng bokabularyo at mas mabisang paggamit ng teknolohiya.

Gayunpaman, malinaw ring lumitaw na ang mga hamon na dulot ng asynchronous na pagkatuto ay nasa antas na "Malawak," partikular sa teknikal na aspeto, pamamahala ng oras, motibasyon at konsentrasyon, pang-unawa ng mga aralin, at suporta ng mga magulang. Ang kawalan ng internet, kakulangan ng gadgets, at limitadong kasanayan sa teknolohiya ay naging pangunahing balakid para sa parehong guro at mag-aaral. Nadagdagan pa ito ng hirap sa pagbabalangkas at paggamit ng oras, pagbawas ng motibasyon, at kakulangan ng gabay mula sa mga magulang o tagapangalaga. Sa kabila nito, natuklasan na walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng mga hamon batay sa demograpikong baryabol ng mga guro at mag-aaral, na nagpapakita ng pagiging unibersal ng mga suliraning nararanasan sa lahat ng grupo. May bahagyang epekto lamang ang antas ng edukasyon ng mga guro, subalit ito ay hindi ganap na makabuluhan.

Sa pagsusuri ng ugnayan, lumabas na may mababang positibong kaugnayan sa hanay ng mga guro at napakababang positibong kaugnayan sa mga mag-aaral sa pagitan ng antas ng pagpapatupad ng asynchronous na pagtuturo at lawak ng mga hamon. Ipinapahiwatig nito na habang tumataas ang antas ng implementasyon, bahagyang tumataas din ang lawak ng mga hamon na kinakaharap. Nangangahulugan ito na kahit na epektibong naipatutupad ang asynchronous na pagtuturo, hindi maiiwasang kaakibat nito ang karagdagang teknikal at pedagogical na pagsubok.

Mula sa mga kongklusyong ito, maaaring irekomenda na ang mga araling asynchronous ay idisenyo upang matugunan ang tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral at guro sa halip na ibatay lamang sa kanilang mga demograpikong katangian. Dapat palakasin ang asynchronous na pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohikal na kasangkapan at mga gawaing makatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at kasanayan sa teknolohiya. Mahalaga ring magbigay ng mga interbensyon tulad ng teknikal na pagsasanay, seminar sa pamamahala ng oras, mga aktibidad na nakapagpapataas ng motibasyon, at ang pagbuo ng mga

materyales na makatutugon sa mga hamon ng asynchronous na pagkatuto. Bukod dito, dapat bigyang-pokus ang mga programa para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro, lalo na sa larangan ng makabagong estratehiya sa edukasyon at teknolohiya, kaysa sa pagbibigay-diin sa kanilang demograpikong pagkakaiba.

Mahalaga ring bumuo ng mga solusyong unibersal upang matugunan ang mga hamon ng asynchronous na pagkatuto at masiguro ang inklusibong suporta para sa lahat ng grupo ng mag-aaral at guro. Ang balanseng pagpapatupad ng mga estratehiya ay kinakailangan upang mapagaan ang mga suliraning nararanasan sa teknikal at pedagogical na dimensyon. Dagdag pa rito, inirerekomenda ang masusing pag-aaral sa epekto ng paggamit ng interactive na multimedia tools upang masukat ang pagiging epektibo ng asynchronous na pagkatuto para sa iba't ibang antas ng mag-aaral. Gayundin, mainam na magsagawa ng oryentasyon para sa mga magulang kung paano sila makatutulong sa pagkatuto ng kanilang mga anak, at ituro sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng tamang pamamahala ng oras upang makapagsumite ng mga gawain sa itinakdang panahon. Sa huli, ang pagbuo ng mga video lessons na madaling maunawaan at hindi nangangailangan ng malaking data sa internet ay makatutulong nang malaki upang gawing mas abot-kamay at episyente ang asynchronous na pagtuturo at pagkatuto.

## MGA SANGGUNIAN

Akman, S., & Senemoğlu, N. (2023). Investigating students' views regarding the effectiveness of teaching-learning process developed for 9th-grade English course. Kastamonu Eğitim Dergisi. https://doi.org/10.24106/kefdergi2023-0001

Alvi, E., & Nausheen, M. (2019). Examining grade 9 students' engagement in mathematical problem-solving. International Journal of Education. https://doi.org/10.24059/olj.v4i1.1910

Brođanac, P., & Novak, J. (2023). What form of online teaching do high school students prefer? International Journal of Technology in Education and Science. https://doi.org/10.46328/ijtes.505

Cabudbud, G. F., & Hernando, J. (2023). Epekto ng kakayahan sa pagtuturo sa kaganyakang mag-aral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino dulot ng pandemya. Tinubdan. Retrieved from https://ieesjournals.com/index.php/tinubdan/article/view/86/82

Chin, M. (2020). Students' new normal: Modular distance learning. Retrieved from https://www.uniquephilippines.com/students-new-normal-modular-distance-learning/

Codamon, D. (2020). Understanding the distance learning delivery modalities. Retrieved from https://pia.gov.ph/features/articles/1049277

Daza, J. (2021). Kaantasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino tugon sa makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya. Retrieved from

https://www.researchgate.net/publication/356893311_Kaantasan_ng_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral

De Guzman, J., & Abagon, B. (2021). Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng senior high school. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf

De Villa, J., & Manalo, F. K. (2020). Secondary teachers' preparation, challenges, and coping mechanism in the pre-implementation of distance learning in the new normal. IOER International Multidisciplinary Research Journal, 2(3).

Diez, J., Ebro, E. M., Dequito, R. J., & Diquito, T. (2021). Uncovering learners' experiences in asynchronous instruction in science. European Journal of Education Studies. https://doi.org/10.46827/ejes.v8i10.3937

Embing, M. C. (2023). Mga hamon sa distance learning sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino. SunStar Pampanga. Retrieved from https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20230705/281621014786216

Falacasantos, A. J., et al. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. Retrieved from https://www.slideshare.net/slideshow/mga-salik-na-nakaaapekto-sa-pagkatuto-ng-magaaral-sa-asignaturang-filipino/267459621

Fernandez, S. R., Argate, R., Nimor, C. F., & Sasil, L. V. O. (2021). Synectics in teaching grade 9 science. Journal of World Englishes and Educational Practices. https://doi.org/10.32996/jweep.2021.3.8.2

Gloria, A. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/353443547

Guo, S. (2020). Synchronous versus asynchronous online teaching of physics during the COVID-19 pandemic. Physics Education, 55(5). https://doi.org/10.1088/1361-6552/aba1c5

Hizriani, N., Nor, H., & Saadillah, S. (2022). Synchronous and asynchronous learning in English departments: Practices and challenges. English Review: Journal of English Education, 10(3). https://doi.org/10.25134/erjee.v10i3.6675

Kurniawati, D., & Mardiningrum, A. (2022). Students' strategies and challenges to understand materials in asynchronous learning. In Proceedings of the University of Muhammadiyah Yogyakarta Undergraduate Conference. https://doi.org/10.18196/umygrace.v2i1.414

Leech, N., Gullett, S., Howland Cummings, M., & Haug, C. A. (2022). The challenges of remote K–12 education during the COVID-19 pandemic. Online Learning, 26(1). https://doi.org/10.24059/olj.v26i1.2609

O'Donnell, K., et al. (2022). Linking asynchronous teaching to academic outcomes. Distance Learning. https://doi.org/10.1080/01587919.2022.2088477

Stuart, J., O'Donnell, A. W., Scott, R. A., O'Donnell, K. J., Lund, R., & Barber, B. (2022). Asynchronous and synchronous remote teaching and academic outcomes during COVID-19. Distance Education, 43(3), 408–425. https://doi.org/10.1080/01587919.2022.2088477